


# Filipino

## Ikaapat na Markahan–Modyul 8: Debate: Mga Paglalapat



**Filipino – Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Debate: Mga Paglalapat  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jesusa Niña C. Ampongan	Baby Elsie M. Jove
<b>Editor:</b>	Ma. Theresa I. Cortez	
<b>Tagasuri:</b>	Rechie O. Salcedo	
<b>Tagaguhit:</b>	Mark Anthony O. Taduran	
<b>Tagalapat:</b>	Rey Antoni S. Malate	Leomel B. Ledda
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad Grace U. Rabelas Nora J. Laguda Rechie O. Salcedo Randy A. Bona	Francisco B. Bulalacao Ma. Leilani R. Lorico Jerson V. Toralde Belen B. Pili

**Inilimbag sa Filipinas ng Department of Education – Region V**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500  
Telefax: 0917 178 1288  
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **FILIPINO**

**Ikaapat na Markahan–Modyul 8:  
Debate: Mga Paglalapat**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Kumusta?

Maraming pangyayari sa ating kapaligiran ang kailangang pag-usapan o mga isyung dapat bigyan ng pansin. Nandiyan ang epekto ng *quarrying*, pagputol ng mga puno sa kagubatan, at pagtatapon ng basura kahit saan na sanhi ng pagbaha sa kapatagan at kabahayan.

Nakikita at naririnig natin sa radyo at telebisyon ang pagbibigay ng kaniya-kaniyang opinyon na nauuwi sa pagdedebate.

Ano-ano ang dapat isaalang-alang sa isang debate? Paano makabubuo ng isang debate? Mapaghahambing mo ba ang iba't ibang debateng iyong napanood?

Sa modyul na ito, lalo mong mapalalawak ang iyong kaalaman sa pagtugon sa mga sumusunod na layunin:



- Naibabahagi mo ang obserbasyon sa mga taong kabahagi ng debate. (F4PS-IVh-j-14)
- Nagagamit mo ang mga uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu. (F4WG-IV-h-j-13.6)
- Naibibigay mo ang buod o lagom ng debateng binasa. (F4PB-IVf-j-16)
- Nakapaghahambing ka ng iba't ibang debateng napanood. (F4PD-IV-g-i-9)

Halika, umpisahan mo na.



## **Subukin**

### **Subuking gawin ito.**

Halika't basahin mo at ng iyong kapatid, pinsan o kalaro ang debate sa ibaba. Bumuo ng dalawang pangkat.

### **Sino ang dapat umaksiyon upang masolusyonan ang suliranin sa pagbaha – tao o pamahalaan?**



**Tagapamagitan:** Magandang araw po sa inyong lahat! Ating tunguhan ang palitan ng saloobin ng dalawang pangkat na kapuwa nawalan ng tahanan dahil sa bagyong dumaan. Naging dahilan ito nang labis na pagbaha sa kanilang. Sino nga ba ang dapat umaksiyon upang masolusyonan ang suliranin sa pagbaha - tao o pamahalaan? Atin nang pakinggan ang opinyon ng dalawang pangkat.

**Pangkat 1 (Tao):** Magandang araw po sa inyo. Alam ko po ang labis na hinagpis na nararamdaman ng mga tao sa aming lugar dahil sa hindi inaasahang pangyayari tulad ng mawalan ng bahay, masira ang mga kabuhayan, pananim, at nagtitiyaga na tumira sa *evacuation center*. Alam kong malalagpasan ng bawat isa ang pagsubok na ito dahil nasa dugo ng mga Pilipino ang pagiging matapang. Muli silang babangon sa anumang unos na dumating sa buhay. Pero kailan tayo matututo sa ating mga kamalian? Hihintayin pa ba natin na mawalan ng buhay ang ating mga minamahal? Sana hindi na ito humantong sa malalang sitwasyon ng ating buhay na wala na tayong matatakbuhan. Kumilos na po tayo, mag-isip ng mga solusyon upang maiwasan ang pagbaha.

Sundin ang mga batas tulad ng pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan, paghihiwalay ng mga basura, at pagtigil ng ilegal na pamumutol ng mga puno. Gawin na po natin ito para sa ating kaligtasan.

**Pangkat 2** (Pamahalaan): Isang nakahahabag na damdamin sa aking katunggali! Hindi ko po matanggap ang iyong sinabi na para bang kasalanan ng mga tao kung bakit sila ay nasa ganitong sitwasyon. Ano ang ginagawa ng pamahalaan upang masolusyonan ang problema sa pagbaha? Di ba, taon-taon na lang na may balitang pagbaha sa iba't ibang lugar? Ito ay isa sa mga suliranin ng ating bansa. Kung magkakaroon lamang ng tamang hakbang upang masolusyonan ang problemang ito, susundin naman ito ng mga tao. Sigurado akong maiiwasan ang ganitong mga trahedyang. Pamahalaan ang lakas ng mga tao, kaya't batas ay paigtingin at solusyon ay pairalin.

**Tagapamagitan:** Mukhang nagkakainitan ang pagtatalo ng dalawang pangkat. Ngayon suriin natin ang kanilang pahayag. Sino nga ba ang dapat umaksiyon upang masolusyonan ang suliranin sa pagbaha - tao o pamahalaan? Kayo na po ang humusga.

**A. Panuto:** Ibahagi ang inyong obserbasyon sa binasang debate. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na tanong. Piliin lamang ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang paksang kanilang pinagtalunan?
  - A. Ang isyu ay tungkol sa suliranin sa pagbaha.
  - B. Dapat bang maging kampante kapag may pagbaha?
  - C. Ang nararamdamang kaba tuwing may pagbaha.
  - D. Pananaw ng dalawang pangkat sa pagbaha.
2. Ano ang pananaw na ipinapahayag ng unang pangkat?
  - A. Walang magawa ang mga tao sa mga nangyayari sa paligid.
  - B. Tao ang dapat gumawa ng solusyon sa suliranin sa pagbaha.
  - C. Tanggap ng mga tao ang problema sa pagbaha.
  - D. Nawalan ng pag-asa ang mga tao sa nangyaring trahedyang.

3. Ano ang pananaw na ipinahayag ng ikalawang pangkat?
  - A. Pamahalaan ang gumawa ng paraan upang suliranin sa pagbaha ay masolusyonan.
  - B. Dapat tao ang umaksiyon sa problema sa pagbaha.
  - C. Wala ng solusyon sa pagbaha.
  - D. Tanggapin na lamang ang mga problema.
  
4. Ano-ano ang uri ng pangungusap na ginamit sa usapan ng dalawang pangkat?
  - A. pasalaysay at padamdang lamang
  - B. patanong lamang
  - C. pautos at pakiusap lamang
  - D. lahat ng nabanggit
  
5. Ano ang pangunahing diwa ng debate?
  - A. Palitan ng pananaw ng dalawang pangkat tungkol sa pagbibigay ng solusyon sa suliranin sa baha.
  - B. Damdamin ng mga tao sa sinapit nila dahil sa labis na pagbaha.
  - C. Ang pananaw ng dalawang pangkat tungkol sa pagbangon sa sinapit na pagbaha.
  - D. May dalawang pangkat na nag-uusap tungkol sa pagbaha.

**B. Panuto:** Ibigay ang buod o lagom ng debateng binasa gamit ang mga uri ng pangungusap. Gawin ito sa iyong sagutang papel. Gamitin mo ang *rubrics* sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

**Rubrik sa Pagbuod ng Debateng Nabasa**

Marka	Pamantayan
5 Napakahusay	Napakalinaw na naisulat ang buod o lagom ng debateng nabasa.
4 Mahusay	Makikita sa isinulat ang buod o lagom ng debateng nabasa.
3 Katamtaman	Medyo makikita sa isinulat ang buod o lagom ng debateng nabasa.
2 Di-Gaanong Mahusay	Hindi gaanong malinaw ang buod o lagom ng debateng nabasa.
1 Magsanay pa	Hindi malinaw ang isinulat na buod o lagom ng debateng nabasa.



## Debate: Mga Paglalapat



### **Balikan**

Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasagawa ng *radio broadcast*. Balikan natin ang araling ito. Anong uri ng pangungusap ang mga nakasalungguhit?

**Anchor:** (1) Magandang araw bayan! Ngayon ay Pebrero 11, 2020.  
(2) Hinihikayat ang lahat na pakinggang ang ihahatid naming pinakahuling balita sa araw na ito.

**Anchor:** *Live ngayon sa Iriga City si Krystelle para bigyan tayo ng pinakatampok na updates sa Tinagba Festival.*

**Reporter:** Makukulay na *Floats* Tampok sa *Tinagba Festival* sa Iriga City.

Pumarada sa mga kalsada ng Lungsod Iriga, Pebrero 11, 2020 ang makukulay at naggagandahang *floats*, kasabay ng pagdiriwang ng *Tinagba Festival*. (3) Nagsilbing inspirasyon ng bawat Irigueño ang mga palamuti at disenyo mula sa magandang ani, mitolohiya, at malusog na pamumuhay ng mga tao.

(4) Ayon kay Madelaine Y. Alfelor, mayor ng Iriga City, tinatayang nasa halos limang daang libo ang bilang ng mga nakisaya sa pista ngayong araw.


(5) Kani-kaniyang diskarte ang mga Irigueño at mga taong dumayo pa mula sa ibang lugar para matunghayan ang festival ngayong taon. Inaasahang mas lalong pagagandahin ang selebrasyon sa mga susunod na taon.

Ngayon, malinaw na nasuri ang mga pangungusap sa isang *radio script*. Pagtutuunan naman natin ng pansin ang paggamit nito sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu.



## **Tuklasin**

Halika at basahin mo ang debate.



**Tema:** Dapat bang paluin o hindi dapat paluin ang mga batang katulad mo bilang paraan ng pagdidisiplina?

**Tagapamagitan:** Magandang araw po! Sa oras na ito ay ating matutunghayan ang debate ng dalawang panig tungkol sa ugaling pinahahalagahan ng limang magkakapatid na daliri, sa temang “Dapat bang paluin o hindi dapat paluin ang mga batang katulad mo bilang paraan ng pagdidisiplina?” Simulan na ang pagtatalo.

**Dapat Paluin (Bata1):** Magandang umaga! Sa sitwasyon ng limang magkakapatid na daliri, dapat sigurong isaalang-alang ang magandang ugaling pinahahalagahan nila kahit na naranasan nila ang “gutom” dahil sa hirap ng buhay.

**Hindi Dapat (Bata1):** Oo nga, ang pagpapahalaga ay naririyan. Subali’t hindi kailangang humantong sa sakitan upang disiplinahin si Hinlalaki sa kaniyang ginawang pagnanakaw. Siya

ay gumawa lang ng paraan upang maibsan ang kanilang gutom na nararanasan.

**Dapat Paluin (Bata 2):** Ano ba kayo? Di ba masama ang pagnanakaw? Paano kung paulit-ulit na gawin ito ni Hinlalaki? Dapat siyang bigyan ng parusa dahil sa kaniyang ginawa. Dapat sa kaniya'y paluin upang matuto nang tama.

**Hindi Dapat (Bata 2):** Alam ninyo sa pagdidisiplina, hindi kailangan ang kamay na bakal o pagpalo ika nga. Bakit hindi na lang natin pagsabihan? Kasi sigurado akong susunod naman si Hinlalaki. Malay natin magbago siya.

**Dapat Paluin (Bata 3):** Kailangang paluin si Hinlalaki para matuto! Bakit hindi siya gumawa nang tamang paraan ng paghanap ng pagkain gaya ng kaniyang mga kapatid na daliri? Alam naman niya na ang pagnanakaw ay masama.

**Hindi Dapat (Bata 3):** Hindi pagpalo ang sagot sa paraan ng pagdidisiplina kay Hinlalaki. Maaari mo naman siyang pagsabihan at paliwanagan na lamang upang matuto at hindi na muling gumawa nang masama.

**Hindi Dapat Paluin (Bata 4):** Ang batang pinapalo ay nagtatanim ng galit sa kanilang puso't isipan. Habang sila ay lumalaki't nabubuhay hindi nila ito nakalilimutan.

**Dapat Paluin (Bata 4):** Wala namang masama kung paluin mo, basta nasa tamang lugar ang pagpalo gaya ng sa puwit, nang sa ganoon, tumino na sa kaniyang ginagawa.

**Tagapamagitan:** Naku, parang humahaba na yata ang inyong debate! Para sa akin ang inyong iba't ibang katuwiran ay mahalaga at may punto. Dapat lang na paliwanagan si Hinlalaki para sa kaniyang hindi magandang ginawa. Kung pagpalo naman ang solusyon sa kaniyang ginawa, kailangan din muna ng paliwanag bago paluin. Ang pagpalo ay dapat nasa tamang lugar ng katawan, para maisip niya na ang kaniyang ginawa ay hindi tama.

## **Sagutin Natin!**

1. Ano ang isyung pinagtalunan ng dalawang panig?
2. Ano ang ginawang kamalian ni Hinlalaki na ikinabahala ng kaniyang mga kapatid?
3. Aling pangkat kaya ang may katuwiran sa paksang pinagtalunan?
4. Gumamit ba ng iba't ibang uri ng pangungusap sa pagdedebate?
5. Ano-anong uri ng pangungusap ang ginamit sa debate?



Sa araw-araw nating pakikipag-usap, minsan nagkakaroon tayo ng hindi pagkakaunawaan sa isang isyu kaya patuloy ang ating sagutan at palitan ng pahayag. Kaya humahantong ang dalawang pangkat sa isang debate. Ito ay isang masining na pagtatalo sa paraang tagisan ng dalawang koponan na magkasalungat ang panig hinggil sa isang isyu o paksa.



## ***Suriin***



**Ano-ano ang dapat isaalang-alang ng kabahagi sa debate?**



Marami ka na bang napanood na debate sa inyong lugar o sa telebisyon? Ano ang iyong mga napapansin kapag nagpapalitan ng pananaw o nangangatuwiran ang mga tagapagsalita sa bawat pangkat? Nais mo bang malaman ang mga ito?

Dapat alamin ng kabahagi sa debate kung ano ang dapat nilang gawin upang mapatunayan na ang kanilang pananaw ay may katotohanan at paniniwalaan ng mga tagapakinig. Kaya't dapat isaalang-alang ng mga miyembro ng debate ang sumusunod:

- Ipinaglalaban nila ang kani-kanilang paninindigan.
- Malinaw nilang ipinapaliwanag ang kani-kaniyang pinaniniwalaan at saloobin sa masining na paraan.

Sa tagapamagitan naman, siya ang pumapagitna at sinisiguro niya ang kaayusan ng bawat grupo, upang magkaroon ng tumpak na solusyon sa isyung pinag-uusapan. Siya rin ang nagbibigay ng kabuoang kaisipan sa isyu.

Sa dalawang koponan, ipinapaliwanag ang ipinaglalabang saloobin o paniniwala sa isyu.



**Sa iyong obserbasyon sa kanilang palitan ng pahayag, ano ang napansin mong ginamit sa pagpapaliwanag?**

Gumamit sila ng iba't ibang pangungusap tulad ng pasalaysay, patanong, padamdang, pautos, at pakiusap sa kanilang pangangatuwiran upang mas maihayag ang kanilang damdamin sa isyung pinag-uusapan.

Paggamit ng Uri ng Pangungusap sa Pakikidebate

**1. Pasalaysay**- ginagamit ito kung ipinapahayag ang kanilang pananaw tungkol sa isyu.

Halimbawa:

Siya ay gumawa lang ng paraan upang maibsan ang kanilang gutom na nararanasan.

**2. Patanong** - ginagamit naman ito kung ang mga koponan ay nagpapahayag ng patanong tungkol sa isyu.

Halimbawa:

Paano kung paulit-ulit na gawin ito ni Hinlalaki?

**3. Padamdang** - ito ay ginagamit kung nagpapahayag ng masidhing damdamin ang mga kalahok sa debate.

Halimbawa:

Kailangang paluin si Hinlalaki para matuto!

**4. Pautos** - ginagamit ang pangungusap na pautos sa debate upang ipahayag sa mga tagapakinig na ang kanilang sinasabi tungkol sa isyu ay obligasyon na dapat sundin.

Halimbawa

Dapat siyang bigyan ng parusa dahil sa kaniyang ginawa.

**5. Pakiusap** – ito ay ginagamit upang hikayatin at kausapin ang mga tagapakinig na paniwalaan ang kanilang katuwiran.

Halimbawa:

Maaari mo naman siyang pagsabihan at paliwanagan na lamang upang matuto.



**Paano isinusulat ang buod o lagom ng debate?**

Ang paglalagom o pagbubuod ay **paraan ng pagpapaikli** ng anumang teksto o babasahin. Ang lagom o buod ay mas maikli sa orihinal na teksto na naglalaman ng diwa o mga pangunahing ideya ng teksto. Ginagamit dito ang iba't ibang uri ng pangungusap. Sa pagsulat ng lagom o buod, kinakailangang maunawaang mabuti ang paksang pinaglalaman ng bawat panig upang maisulat nang tama ang buod nito gamit ang mga uri ng pangungusap.

Narito ang halimbawa ng buod o lagom ng debate” na Dapat bang paluin o hindi dapat paluin ang mga batang katulad mo bilang paraan ng pagdidisiplina?”

*Ang nagbigay ng pagbati, pagpakilala ng mga kalahok at nagbukas ng debate ay ang **tagapamagitan**. Siya rin ang nagbigay ng kabuoang kaisipan sa hulihan ng debate para sa pagbuo ng pagpapasiya.*

*Malinaw na ipinaliwanag sa pangkat ng Dapat Paluin, ang magandang ugaling pinahahalagahan sa gitna ng gutom at*

*kahirapan. Giit nila na ang parusa ay isang hakbang upang matuto nang tama at makilala ang kasamaan.*

*Sa panig naman ng Hindi Dapat, ang pangkat ay naninindigan na hindi kailangang humantong sa sakitan para disiplinaryin ang isang tao bagkos siya ay pagsabihan at paliwanagan upang matuto at hindi na gumawa ng masama.*

Sa mga debate na inyo nang nasaksihan sa mga pagpupulong o napanood sa telebisyon, ano-ano ang pagkakaiba nito?

Nagkakaiba ito sa mga paksang tinatalakay, ang bilang ng pangkat ay nagkakaiba-iba depende sa mga kalahok. Ang daloy ng debate at pamantayan ay naaayon sa patakaran ng namumuno ng debate.

***Mahusay!*** Sana ay maliwanag na sa inyo ang mga katangian ng isang debate at maaari na kayong gumamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa debate.



## ***Pagyamanin***

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

Maaari kayong magdebate ng inyong kapatid o pinsan sa pamamagitan ng pagbasa ng teksto na nasa ibaba. Ibahagi ang inyong naobserbahan sa inyong kadebate pagkatapos ng gawain.

**Paksa:** *Stay at Home:* Dapat o Di Dapat

**Tagapamagitan:** Magandang araw sa inyo. Sa oras na ito muli na naman nating matutunghayan ang tunggalian ng dalawang panig sa temang *Stay at Home:* Dapat o Di Dapat. Pakinggan ang kani-



kanilang pahayag na ipinaglalaman. Tatawagin ko na ang unang panig na magsasalita.

**Dapat:** Ngayong panahon ng pandemya, dapat ang lahat ay nasa bahay muna kung wala namang mahalagang gagawin o bibilhin sa labas upang maiwasan ang *virus* na *COVID*. Ito’y mapanganib na sakit kaya’t lahat ay pinapayuhang pumirmi sa bahay para iwas sakit.

**Di-Dapat:** Sa tatlong buwan na pamamalagi sa bahay, lahat ay gusto nang makalabas upang makapagtrabaho. Hindi kasi sapat ang naibigay na ayuda. Kailangang maghanap na ng trabaho para sa sikmurang nagugutom. Kayo nararanasan n’yo rin ba ang magutom?

**Dapat:** Kapag ikaw naman ay naging positibo, hindi ka rin makapagtrabaho. Maoospital ka o kaya naman ay dadalhin ka sa lugar ng kuwarantin upang obserbahan ng 14 na araw. Maging ang iyong pamilya at iba mo pang nakasalamuha ay oobserbahan din. Kaya binabalaan ang lahat na mag-ingat! *Stay at Home* para *safe* at iwas *COVID*. Ikaw gusto mo bang maging ligtas sa sakit na ito?

**Di-Dapat:** Mabuti ang sitwasyong ito sa mga taong maykaya at nakapag-ipon. May panustos sa ilang buwang walang labasan, pero ang kagaya naming mahirap ay hindi sapat ang natanggap na ayuda mula pamahalaan. Paano na kaming nawalan ng trabaho? Kaya ngayon hindi na dapat nasa bahay lamang. Mag-isip na ng paraan para kumita. Maghanap na rin ng ikabubuhay para sa naghihirap na pamilya. Kinakailangan na lang siguro ang doble ingat. Sundin ang sinasabing *safety measure* upang sa gayon panganib sa labas ay maiwasan.

**Tagapamagitan:** Sa narinig kong pahayag tila lahat ay may maayos na katuwiran, lahat ay may katanggap-tanggap na pahayag subali’t kailangan talagang mag-ingat sa ating ginagawa, sundin ang *safety measure* gaya ng *social distancing*, pagsusuot ng *face mask* at iba pa upang maging ligtas sa panahon ng pandemyang ito.

**A. Panuto:** Hinahangaan mo ba ang mga taong kasama sa debate? Ibahagi ang inyong saloobin tungkol sa dalawang pangkat kung paano nila ipinahayag ang kanilang pananaw sa isyu. Iguhit sa loob ng kahon ang iyong magiging damdamin ukol dito.

Dapat	Tagapamagitan	Di Dapat
-------	---------------	----------

**B. Panuto:** Gamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap na hango sa debate sa itaas upang masagot ang katanungan o sitwasyon na ibibigay.

1. Ano ang sinasabi tungkol sa COVID-19?

---

---

2. Ayon sa panig ng Dapat, ano ang kailangan nating gawin sa panahon ng pandemya?

---

---

3. Anong mabisang reaksiyon ang iyong maibibigay upang maiwasan ang COVID-19?

---

---

4. Anong tanong ang ginamit ng panig ng Dapat na ibinigay sa kaniyang katunggali para pag-isipan?

---

---

5. Ano ang mungkahi ng nasa panig na Di Dapat sa mga taong nakararanas ng gutom sa panahon ng pandemya?

---

---

**C. Panuto:** Ibigay ang buod o lagom ng debate sa paksang *Stay at Home*: Dapat o Di Dapat. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang mga pagsasanay, tingnan kung tama ang iyong mga kasagutan at buod sa pahina ng susi ng pagwawasto sa hulihan.



## **Isaisip**

Alam kong nasagot mong lahat ang mga pagsasanay tungkol sa debate. Ngayon naman, palawakin pa natin ang iba mo pang natutuhan sa araling ito. Gawin ang mga sumusunod sa iyong sagutang papel.

### **A. Punan ang sumusunod na talahayanan:**

Ano ang iyong mga natutuhan?	Gaano ito kahalaga sa iyo?

### **B. Kompletuhin ang sumusunod na pahayag.**

Mahalagang matutuhan ang kasanayan sa pagbibigay ng buod o lagom sa binasang debate gamit ang mga uri ng pangungusap dahil

---

---

---



## **Isagawa**

Ikaw ay kabilang sa pangkat ng nagtutunggaling mag-aaral sa pakikipagdebate ng isang tema. Batay sa mga dapat obserbahan ng isang kabahagi sa debate, gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap ay punan ang sinimulang pagpapaliwanag ng bawat pangkat.

**Tema: Alin ang mas Mabuting Ikatututo ng Mag-aaral-Maghapon o Kalahating Araw na Pagpasok?**

**Tagapamagitan:** Magandang araw sa ating lahat! Muli na naman natin tunghayan ang debate ng dalawang panig tungkol sa temang “Alin ang mas mabuting ikatututo ng mag-aaral-Maghapon o Kalahating Araw na Pagpasok?” Sila ngayon ay narito, ang pakay ay ibahagi ang kanilang katuwiran. Atin naman itong pag-isipan at bigyan ng paglilinaw. Una kong tatawagin ang panig na magtatanggol sa pag-aaral nang maghapon at sasagutin ito ng kabilang panig. Atin po silang bigyan ng masigabong palakpakan.

**Maghapon:** Isang pagbati sa inyong lahat. Pumapanig ako sa maghaponing pag-aaral.

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

**Kalahating Araw:** Talagang itong katuto ko’y mahina ang pakiramdam! Di marunong magtipid at magpahalaga sa oras, gustong-gustong magbabad sa paaralang hinihiyas.

---

---

---

---

---

---

**Tagapamagitan:** Bawat inilahad ninyong katuwiran ay pawang hamon sa mataas na isipan. Malaking tulong sa guro’t magulang itong ating *long session plan*, may oras sa bawat gawain na kailangan ng mag-aaral at pagkatuto’y ganap din.

Ang maghaponing pag-aaral ay napakainam din dahil ganap na pagkatuto ay umiiral. Kagalingan ay talagang makakamtan pati kamangmangan ay maiiwasan. Kaya’t hiling ko sa lahat, isipin at timbangin lahat ng katuwiran upang tamang desisyon ay makamtan.

Gamiting gabay sa inyong gagawin ang pamantayan sa ibaba:

<b>Marka</b>	<b>Pamantayan</b>
5 Napakahusay	Naipaliwanag nang malinaw ang tema gamit ang mga uri ng pangungusap.
4 Mahusay	Hindi masyadong malinaw ang pagpapaliwanag ng tema gamit ang mga uri ng pangungusap.
3 Katamtaman	Naipaliwanag ang tema gamit ang ilang uri ng pangungusap.
2 Di Gaanong Mahusay	Hindi masyadong maintindihan ang pagpapaliwanag ng tema gamit ang ilang uri ng pangungusap.
1 Magsanay pa	Hindi mahusay ang pagpapaliwanag ng tema at may kakulangan sa mga gamit ng pangungusap.

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa **pahina 24**.



## **Tayahin**

*Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa pagdedebate?*

**Panuto:** Muli kang magbasa ng debate. Pagkatapos, sikapping maibahagi ang iyong obserbasyon sa mga taong kabahagi ng debate at maibigay ang buod o lagom nito.

**Tema:** *Cellphone: Bawal o Di bawal sa Paaralan?*

**Tagapamagitan:** Isang magandang araw po sa lahat. Sa oras na ito matutunghayan na naman ninyo ang isa pang debate na may temang “*Cellphone: Bawal o Di bawal sa Paaralan.*”

Ating namnamin at pag-isipan ang katuwiran ng bawat panig upang madaling maunawaan ang karapat-dapat na solusyon sa isyung ito. Tatawagin ko ang unang panig upang ipagtanggol ang kanilang katuwiran pagkatapos ay sasagot ang kabilang panig. Atin silang bigyan ng pagpupugay.

**Bawal:** Isang pagbati sa inyong lahat. *Cellphone*, isang bagay na kinahuhumalingan ng lahat, isang bagay na pampalipas oras dahil sa marami nitong *features* na kinagigiliwan ng lahat. Subalit sa mag-aaral na tulad ko, malaking disturbo ito sa pag-aaral. Oo nga’t malaking tulong ito sa pananaliksik, paghahanap ng talahuluganan at iba pa. Subali’t ang hindi alam ng mga guro at magulang, iba na pala ang napatutunguhan ng paggamit ng *cellphone*. Kaya sa aming panig ipinagbabawal ang paggamit nito. Dahil sa halip na mag-aral, makinig at makibahagi sa talakayan, hayun nasa isang sulok na. Tutok na tutok na sa paglalaro at paggamit ng *cellphone*. Di ba malaking kawalan iyon sa pagkatuto? Nagiging tamad at wala sa kondisyon dahil walang ibang nasa isip kundi *cellphone*. Kaya para sa amin, ang gadyet na ito ay dapat ipagbawal.

**Di Bawal:** Sa aming panig, di bawal ang *cellphone* sa paaralan dahil may kaukulang gamit ito sa buhay ng mag-aaral. Oo nga

may mga laro at musika ito subali't nasa disiplina na lang ng bawat bata ang paggamit nito. Paano kung may importanteng pakay ang guro o magulang na nasa malayong lugar? Di ba, sayang ang oras at pagod na gugugulin kung pupuntahan mo pa sa malayong silid-aralan, pero kung may *cellphone*, isang pindot mo lang hayag kausap mo na. Dapat sigurong may alituntuning paiiralin sa bawat klase sa paggamit ng *cellphone*. Mahalaga sa mga mag-aaral ang paggamit ng *cellphone* sa paaralan.

**Tagapamagitan:** Mukhang bawa't katuwirang inilahad ng dalawang panig ay mahalaga. Ngayon mga kaibigan kayo ang humusga?

**A. Panuto:** Hango sa iyong obserbasyon sa mga kabahagi ng debate, piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sino sa mga kasama ng debate ang naging tagapamagitan sa dalawang nagtutunggaling panig?
  - A. Tagapamagitan
  - B. Pangkat ng Bawal
  - C. Pangkat ng Di Bawal
2. Sino ang nagsabi na ang *cellphone* ay hindi kailangan sa paaralan?
  - A. Tagapamagitan
  - B. Pangkat ng Bawal
  - C. Di Bawal
3. Alin sa mga impormasyon ang ipinahiwatig ng pangkat ng Bawal?
  - A. Mahalaga ang katuwiran ng dalawang panig.
  - B. Disiplina ang kailangan sa paggamit ng *cellphone* sa pag-aaral.
  - C. Hindi ginagamit sa tamang oras ang *cellphone* na nagdudulot ng pagkasira sa pag-aaral.



**D. Panuto:** Ano ang iyong naintindihan sa debate? Ibigay ang buod o lagom ng debateng binasa. (5 puntos). Gawin ito sa iyong sagutang papel.

---



---



---



---

**E. Panuto:** Magkaroon ng debate sa loob ng bahay tungkol sa temang: ***Alin ang mas mabuti, Malaki o Maliit na pamilya?***

Gamitin ang rubriks para sa pamantayan.

<b>Pamantayan</b>	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>	<b>2</b>	<b>1</b>
Malinaw, maayos at wastong naipahayag ang pananaw o damdamin tungkol sa isyu.					
May sapat na katibayan sa pangangatwiran.					
Gumamit ng iba't ibang pangungusap sa pagpapahayag ng saloobin.					
May tiwala sa sarili sa pagpapahayag ng pananaw tungkol sa isyu.					
Tama at wasto ang pagkakabigkas ng mga salita.					
Kabuoang Puntos					
5- Napakahusay 4- Mahusay	3- Katamtaman	1-Magsanay pa 2- Di-gaanong Mahusay			

**Mahusay!** Batid kong alam mo na ang mga uri ng pangungusap. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.



## Karagdagang Gawain

Mula sa iba't ibang debateng mapapanood mo sa telebisyon, gumawa ka ng *venn diagram* upang mapaghambing mo ang mga ito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Gamiting gabay ang pamantayan sa ibaba para sa iyong gagawin.

### Rubrik sa Paghahambing mga Debateng Napanood

5	4	3	2	1
Nakapagbi-bigay ng napakalinaw at napakahusay na paghahambing ng iba't ibang debate na napanood sa telebisyon.	Nakapagbi-bigay ng malinaw at mahusay na paghahambing ng iba't ibang debate na napanood sa telebisyon.	Nakapagbi-bigay ng katamtama ng linaw sa paghahambing ng iba't ibang debate na napanood sa telebisyon.	Nakapagbibigay ng hindi gaanong linaw sa paghahambing ng iba't ibang debate na napanood sa telebisyon.	Nakapagbi-bigay ng hindi malinaw at walang kahusayan sa paghahambing ng iba't ibang debate na napanood sa telebisyon.

**Malugod na pagbati!** Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.

1. A
2. B
3. A
4. D
5. A

B. Gamitin ang rubriks na nasa pahina 5 para sa pagwawasto.

**Balikan**

1. padamdang
2. pakiusap
3. pasalaysay
4. pasalaysay
5. pasalaysay

**Tuklasin**

1. Ang isyung pinag-uusapan ay dapat bang paluin ang isang batang nakagawa ng kamalian bilang paraan ng pagdisiplina.
2. Ang ginawang pagnakaw ni Hinlalaki upang maibsan ang gutom na naramdaman.
3. Ang dalawang pangkat ay may punto sa kanilang sinasabi ang mahalaga paluin man o hindi ay dapat baguhin ni Hinlalaki ang kanyang pagkakamali.
4. Opo
5. Pasalaysay, Patanong, Padamdang, Pakiusap at Pautas

**Pagymamanin**

A. **Dapat**-Mahinahon niyang ibinahagi ang kanyang opinyon tungkol sa isyu **Hindi Dapat**-Pursigido at may himig hinanakit sa kanyang pagsasalita tungkol sa pinag-uusapan.

**Tagapamagitan**- Patas ang kanyang paghulsa sa dalawang panig.

(Tanggapin pa ang ibang sagot)

B.

1. Ang sakit na COVID ay napaka-mapanganib kaya lahat ay pinag-iingat.

**Pagymamanin**

2. Ang mga tao ay dapat nasa bahay lang kung wala namang mahalagang gagawin sa labas upang maiwasan ang pagkakat ng virus na COVID
3. Kaya binabalaan ang lahat na mag-ingat!
- Pano na kaming nawalan ng tabaho?
- Ano ang gagawin naming nagugutom kung hindi kami lalabas ng bahay?
- Kayo nararansan nyo na tin bang magutom?
- Pano maiibsan ang aming nararamdamanang gutom?
5. Kailangang maghanap ng paraan o trabaho para sa sikmurang nagugutom.
- (Tanggapin ang iba pang sagot)
- C. Iwawasto gamit ang rubriks na nasa pahina 5.

**Isagawa**

A.

1. Naiibabahagi ko ang akting obserbasyon sa mga taong kabahagi ng debate.
2. Nagagamit ko ang mga uri ng pangungusap sa pakikidebate tungkol sa isang isyu.
3. Nakakabuod ako ng debatang nabasa.
- Mahalaga ito sapagkat nahahasa ang akting kakayahanan na mababagay ang akting kaalaman tungkol sa isyung pinag-uusapan.

B.

Nagagawa ko nang maayos ang pagsulat ng buod o lagom tungkol sa nabasang debate gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.

(Tanggapin pa ang ibang kasagutan)

**Isagawa**

(Depende sa sagot ng bata, guro ang magtatama sa bahaging ito gamit ang rubriks)

**Tayahin**

A. 1. A

2. C

3. C

B. Gamitin ang rubriks sa pagwawasto ng buod na nasa pahina 5

C. Paggamit ng rubriks para sa pamantayan at pagtatama)

**Karagdagang Gawain:**

(Depende sa sagot ng bata gamit ang rubriks)

## ***Sanggunian***

Lazaro, P., (2011), *The Modern Teacher*, Volume 60, June 2011 No.01

Santos, R., & Lindayag, M. E., (2010) *Gintong Sinag 4 Wika Binagong Edisyon*, Trinitas Publishing Inc. Trinitas Complex, Pantoc Road, Meycauayan City.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)